

# Tatlong Tala: Pagkaraan sa Isang Gabi ng Pagninilay at Pangungumpisal sa Tabernakulo ng Nawawalang Langit

---

*Rene Boy E. Abiva*

*Samahang Lazaro Francisco  
ate.tet.abiva@gmail.com*

*Ala, wen, umayka ta  
pisangem Daytoy ipus ti  
tagtagainep:  
Nga awan kinapudno ti eternidad No  
mangngeg taraok ti siririing a kawitan.*

## **Bangkag<sup>1</sup>**

Malayo sa usok at alingawngaw ng lungsod ang bangkag. Sa mga magbubukid na walang sariling lupa, biyaya nang maituturing kung mayroong bangkag na kung hindi man sinasaka'y natatamnan naman ng kung ano-anong gulay gaya ng gabi, kamote, kasaba, ube, patatas, ampalaya, sitaw, at patola.

Laging maganda at mabunga ang pagtanim sa bangkag.

Palibhasa'y maliban sa malapit sa tubigan ay mataba at mayaman sa bitamina ang lupa ng bangkag. Dito nabubulok ang mga nangabuwal na talahib. Dito nabubulok ang mga naanod na troso ng mga punong-kahoy buhat pa sa pusod ng Sierra Madre.

Subalit, gaya ng buhay ng tao, hindi laging puro kasiyahan ang pag-inog ng buhay sa bangkag. Tinatamaan din ng tikag o tagtuyot ang bangkag. Iyon nga lang ay huli ang bangkag sa tinatamaan ng nasabing taunang delubyo. Wika nga ng mga matatanda'y huling natutuyo ang labi ng bukal kung tag-init at kung tag-ulan nama'y una sa nabibiyaan ng malamig na tubig.

At lumaki nga ako sa bangkag ng Magat, sa probinsiya ng Nueva Vizcaya. Pagsasaka't pagtatanim ng kung ano-ano rin ang aming kabuhayan. Sabi noon ng aking Ingkong Eto'y malapit na raw mabaog at maging hungkag ang bangkag. Dahil ito sa mga kemikal na ipinakilala noon ng mga Amerikano noong 1960. A...kemikal na pestisidyo at abono ang kanyang binabanggit.

Paglipas ng ilang dekada, ang taunang pagdalaw ng tikag ay lumalala. Sa aking pagkakatanda'y tikag noon ang kumitil sa buhay ng mga kababata kong sina Onan at Blando. Mga nangayayat noong una ang kanilang katawan. Nawala ang timbang. Hanggang sa isang hapon nga'y parehong nadatnan ng ina nila na wala na silang buhay. Dilat. Nakanganga. Nagpipiging ang mga langaw sa kanilang bunganga!

Noong araw ng kanilang libing, sumama ako sa bangkag na sinasaka ng kanilang ama. Sa bangkag na yaon nga sila inilibing. Walang lapida. Walang pagbabasbas na naganap. Sapat nang malalim ang hukay nang sa gayo'y ang kanilang labi'y hindi kutkutin ng mga gutom na aso.

Maraming kuwento ang buhay sa bangkag na parang sa bahaghari na madalas lumitaw sa tuwing nag-aagaw ang init at lamig sa ibabaw ng lupa. Iba-iba pero halos may pagkakatulad ang lahat. Paano? Sapagkat lahat ng mga naninirahan ay anak ng lupa at araw. Lahat ng mga naririto'y usura ang tagahukay ng kanilang libingan. Pero may mga kuwento rin ng kadakilaan, at isa na sa mga ito ang aking Ingkong Eto na maliban sa kilala

bilang mahusay na albularyo ay naunang nakilala bilang isang gerilyero na lumaban noong panahon ng digmaan.

“Paano hindi magiging isang manggagamot at asintado ang inyong yumaong Ingkong e siya’y elemento noon ng kilalang Squadron 32 ng Hukbalahap na sumagupa sa mga bataan ni Yamashita sa Dalton Pass?” madalas na wika sa talipapa.

“Sumalangit nawa ang kaluluwa ni Etong asintado,” at saka muling magsisindi ang manininda ng kakanin ng Alhambra, at kanya itong hihithitin nang pabaliktad.

Si Ingkong Eto ay kaisa na rin ng bangkag. Ang kanyang katawan ay inilibing sa ilalim ng punong aratiles na madalas pamugaran ng mga martines.

Kapag Sabado at Linggo noo’y isinasama ako ng aking ama sa bangkag. Sabi niya’y kailangang matutuhan ko na raw habang maaga kung paano lambingin ang bangkag. Nang sa gayo’y hindi nito ipagdamot ang biyaya ng lupa.

Para sa aki’y mainam ang pakay ni Ama subalit ang aking ina’y madalas siyang suwayin. Baka raw kasi ako mabati ng mga hindi nakikita gaya ng al-alia, o multo, sa tulay na nag-uugnay sa daya o timog at amianan o hilaga patungong bangkag. Dagdag pa ni Ina’y marami nga sa mga namatay na magbubukid ang inilibing sa sinasaka nilang bangkag.

At nangyari nga ang kinatatakunan ni Ina sa tanang buhay ko.

Takipsilim. Pauwi na kami ni Ama galing sa bangkag. Pinasuot ni Ama ang kanyang kagay o kapote sa akin. Umaambon kasi ng mga sandaling yaon. At sa hindi malamang dahila’y inapoy ako ng lagnat nang sandaling marating namin ni Ama ang aming dampa.

At si Ina, dagli niya akong pinunasan at pinagpalit ng tuyong damit. Nang ako’y makapagpalit na’y kanyang isinukob sa akin ang isang puting kumot. At habang nasa labas ng kumot si Ina, sabi niya’y “Ipapasok ko itong

nasindihang palito ng posporo. Langhapin mo ang usok nito para ikaw ay gumaling.” At ginawa ko nga ang sinabi ng aking ina. Kinaumagahan, pagkaputok ng mga silahis sa likuran ng Sierra Madre, muli akong isinilang.

Sabi ni Ina’y nabati nga ako ng mga kaluluwa ng mga magbubukid na nananahan sa kani-kanilang bangkag.

Likas ngang mahusay ang aking ina noon sa iba’t ibang klase ng gamot. Mana yata kay Ingkong Eto. Mula noo’y lagi na niya akong pinasusuot ng eskapularyong binili pa niya sa bangketa noong pista ni San Isidro Labrador, ang pintakasi naming mga magbubukid. Wika niya’y proteksiyon ko raw ito laban sa mga nilalang at bagay na hindi nakikita ng karaniwang mata. Ang bangkag, ayon na rin sa kanya’y hindi lamang bukal ng buhay, muog din ito ng mga magbubukid na namatay.

Nang ako nga’y makapagtapos ng elementarya, kinailangan ko nang makitira sa tahanan ng aking tiyuhin sa bayan. Mula noo’y bihira ko nang makita ang aming bangkag. Tumatanda na rin noon si Ama. Nagiging madalas na siyang sakitin. Wika ni Ina’y malamang dahil sa mabigat nitong gawain sa bangkag.

“Bakit?” tanong ko noon kay Ina.

“Tumataas ang interes ng ating utang kay Don Datong, anak. Baka kung hindi natin mabayaran ay kunin niya itong ating bangkag.”

Ito ang sagot ni Ina habang si Ama’y nakaratay noon sa papag na yari sa kinayas na kawayan. Hindi ko namalayang umagos ang luha sa kanto ng aking mata. Tumalikod si Ina kaipala’y gayundin siya. Habang si Ama’y tumagilid mula sa pagkakatihaya.

Tiyak ngang mahahirapan na kami sa buhay kung mawawala ang bangkag. Malamang ay titigil na rin ako sa pag-aaral. Malamang ay mamanahin ko nang maaga ang kalabaw, ang karit, ang palang, ang buong bangkag na nilinang ni Ama. Magagaya rin ako sa aking mga kababata na naging anak ng lupa at tinutong ng araw.

Ang mga naiiwang anak ng isang magbubukid nga ang nagsisilbing tagapagmana, hindi lamang sa bangkag na kailangang sakahin para mabuhay kundi upang mabayaran ang anak at apo ng usura na parang bukal ng tubig na hindi natutuyuan. Ito ang kamandag ng usura. Ilang magbubukid na ang nagbuwis ng kanilang buhay mabayaran lamang ito sa taong pawang lahat ng may buhay sa ibabaw ng bangkag ay pag-aari o kontrol niya, at iyan nga'y si Don Datong.

Pinaglamayan nga namin si Ama noon ng dalawang gabi na walang kape at biskwit sa dulang. Sa bangkag din namin siya inilibing gaya ng ibang magbubukid sa aming lugal. Walang lapida kung saan nakaukit ang kanyang ngalan, kaarawan, at araw ng kamatayan maliban sa sanga ng kawayan na hinabing pa-krus ni Ina at hinabing bulaklak ng kalasutsi at tila pagsambit ng dalit ng mga ibon na animoy nakikiisa rin sa pagluluksa ng isang maganak na nawalan ng isang matibay at maaasahang haligi.

Ipinagpatuloy ko nga ang gawain sa bangkag. Nakakaani kahit papaano subalit kulang pa rin upang sa gayo'y aming mabayaran ni Ina ang aming utang kay Don Datong. Minsa'y sinisi ko ang Diyos. Minsa'y sinisi ko si San Isidro Labrador.

Hanggang sa dumating ang isang pangyayaring babago sa aking nakagisnang paniniwala.

Isang madaling-araw ay mayroong kumatok sa aming tahanan. Bumangon si Ina at kanyang pinapasok si Tiyo Macario. Kapatid siya ni Ina na ayon sa kuwento sa aming lugal ay isang matinik na gerilya —isang taong-labas gaya ng aking yumaong Inkong Eto.

Wika niya'y panahon na raw upang gawing libingan ang bangkag, hindi ng mga gaya naming magbubukid kundi ng mga mapang-aliping gaya ni Don Datong.

Si Don Datong? Oo.

Ang Don na isang umaga'y anong pagmamayabang niya sa kanyang mga tripulante, katiwala, at katulong sa sala ng bahay-Kastila sa sinapupunan

ng Hacienda Ignacio sa may paanan ng Sierra Madre ang panganay niyang anak na nagtapos ng medisina sa Unibersidad ng Santo Tomas, na katatapos lamang magpakadalubhasa sa Madrid, Espanya. Sa labis na tuwa'y inutusan niya ang dalawa sa mga tripulante na kunin ang pinakamagandang baka sa kanyang kural. Ang mga katiwala nama'y inutusang mamalengke ng mga gagamiting rekado, habang ang mga katulong ay inutusang linisin nagg maigi ang mga kawali: lahat ay hindi pa nag-aagahan maliban sa babaero't sugarol na Don.

"Iimbitahan ko ang Alkalde, Gobernador, ang Obispo, ang Kura, at mahahalagang tao sa ating bayan kaya't maglinis kayo nang mabuti. Pagbutihin niyo ang paghahanda ng mga pagkain sa piging. Isipin niyong utang niyo sa akin ang buhay niyo at buhay ng mga anak niyo. Kung wala ako sa poder na ito'y baka ni mumo ng kanin at karne ay hindi kayo nakakatikim. Isantabi niyo muna ang mga nabasa at narinig niyo sa liwasan noong nakaraang araw mula sa lider ng mga anakpawis. Tanggapin niyong ang hampaslupa ay hampaslupa. Ang Diyos ay Diyos. Nasa guhit ng tadhana iyan, bagay na hindi na mababago," malakas nitong paalala sa kanyang mga muchacha at muchacho bago lumarga sa mga kanya-kanyang ipinag-uutos ng Don.

Umaapoy nga ang ningas ng pakikibaka at pag-asa sa mata ni Tiyo Macario. Gayundin si Ina. Gayundin ako.

Sa aming kuwentuha'y hindi ko maiwasang ikuyom ang aking lipaking kamao.

Ganito siguro ang pakiramdam ng mga gaya kong magbubukid noong may programa sa liwasan na pinamunuan ng kung tawagi'y Ka Bagnos, isang magbubukid na nang-uupat-nanghihikayat sa mga kauri niyang maghimagsik at pabagsakin si Don Datong na mula't sapul nagkamalay ang gaya niya'y siya nang hari-harian sa paanan ng Sierra Madre.

Parang may kung anong nabuhay sa aking kalooban. Aywan at bakit ko biglang naalala ang madalas wikain noon ng aking Ingkong Eto at ama na kaya rin daw ng sambasamba na itumba ang isang bakal na kalesa. At

huwag daw maliitin ang maliit sapagkat kaya nilang hulihin ang tungkod at latigo sa hangin.

*Madik ammo ta apay no maipasngayka  
Ket mabriat dagiti barukong ken matikag dagiti mata,  
Sinaludsodko naminsan dagiti mannalon ken sakada,  
“Saan a kabaelan nga agasan ti dinengdeng ken  
ittip Ti moda ken koro ti panakaadipenmi,  
sungbatda*

### **Kabus: Paltiing**

. Kabus o supermoon ang karaniwang tawag ng mga siyentista sa kaganapang ito. Literal na lumalaki ang buwan kaya nagiging super. Nagiging sinlaki ito ng araw. Iba ang liwanag na ipinapakita nito. Mamulamulang-manilaw-nilaw na kahel.

Subalit lingid sa kaalaman ng madla, mayroon itong kakambal na hiwaga, lalo na para sa mga nakatira malapit sa Bundok Bulalakao sa Bayan ng Aritao<sup>2</sup>. Sabi ng matatanda’y dito nakita ni Juan Kristo si Apolaqui<sup>3</sup> bago niya ibuhos ang laman ng ikalawang burnai<sup>4</sup> na lumipol sa sangkapat ng armada ng bansang Amerika.

Ito ang nasasaad sa kasulatang isinulat daw mismo ni Juan Kristo bago maganap ang ikapitong paltiing, ang malawakang paglipol sa mga taong asal-hayop:

<sup>23</sup>*Nang makamit nang Dakilang Apolaqui ang kanyang unang pakay, lumipad ito palabas sa hangganan ng atmospera ng mundo. Nakita ko kung gaano kadambuhala ang kanyang pakpak na yari sa maninipis subalit nagbabagang titis ng apoy. At sa unang pagkakataon, nasaksihan ko ang kanyang suot. Balot ang kanyang katawan ng hinabing kinayas na uwai at lanot. Kay ganda ng katawan ng Dakilang Apolaqui. Umbok-nanlilisik ang kanyang mga laman sa harap at likod na pawang sa kinatatakutang bulo, o bagong sibol na bukal na panay ang pag-alimbukay. Hugis Bundok Caraballo ang kanyang dibdib habang ang kanyang likura’y waring mukha ng musang na nakapiit. Ang kanyang mga paa’y saksakan nang giting. Pakiramdam ko’y hindi ito marunong mapagod. Pakiramdam ko’y nagtataglay ito*

ng lakas na wari'y sa urbon na kalabaw at kabayo. At ang hindi ko maaaring makalimutan, ang kanyang sinturon na yari sa hinabing bungo ng kambing. Tumutunog-umaawit ang kanilang mga sungay na waring sa awit para sa mga patay! <sup>24</sup> At inilabas ngang muli ng Dakilang Apolaqui ang ikalawang burnai sa sakong kanina pa niya pasan-pasan. Kulay asuete ito. Mayroong mga naka-ukit na kung anu-anong titik sa buo nitong katawan. Kanya itong inorasyunan at dinuruan ang loobang bahagi ng burnai. At pagkatapos, itinaas niya ito gamit ang kanyang kaliwang kamay. At muli siyang umusal ng daniw na siya lang ang nakakaalam. <sup>25</sup> "Beggang/ landok/ bato/ gambang/ awisem dagiti ipos ken kariskis/ ti ikkis/ dita barukongmo a kasla derraas." <sup>25</sup> At nangitim nga ang papawirin. Naaninag ko ang namumuong hiwa sa kalawakan ng uniberso na parang sugat na iginuhit mula sa talim ng gulok at palakol. Una'y nakita ko ang kulay pula. Sunod ang kulay dilaw. Sunod ang kulay kahel. At pagkatapos, dinuling na ako ng liwanag. Sinikap kong ibukas ang aking mata at ako'y kinilabutan sa aking nakita. Umaasalto pababa sa lupa ang mga higanteng bulalakao! Pumipisik-pisik pa't tumitilamsik ang baga at apoy sa kanilang katawan. <sup>26</sup> Sinikap ng mga bansang pakilusin ang kanilang hukbong panghimpapawid. Kanilang pinakawalan ang mga ballistic missile, torpedo, at maging ang pinakatagu-tago nilang mga armas nukleyar. Lahat na yata ng kanyon ay itinutok paitaas sa langit. Kanila raw sasagupain ang bulalakao na unti-unti'y nagkakahugis bilang isang kamao. <sup>27</sup> Tumama nga silang lahat sa dambuhalang bagay na pabagsak sa lupa. Lumagitik ang mga tingga ng mga sumalpok na armas sa target. Lumikha ito ng kung anu-anong ilaw sa langit. Sunud-sunod silang sumabog. Nayanig ang ibabaw ng lupa at dagat. Nawasak ang bundok ng ulap na kangina'y kinatutuntungan ni Apolaqui. Nagsanib ang lahat ng apoy na pinakawalan ng mga taong nahibang sa lakas ng siyensiya at kapangyarihan. <sup>28</sup> Subalit patuloy pa rin sa pagbulusok ang bulalakao. Nilamon lamang nito ang kangina'y pinakawalan ng mga tao. Sumanib sa kanya ang mga apoy dahilan sa ito'y lalong lumaki. Malakingmalaki. Doble. Triple ng tayog ng Bundok Apo sa Davao! <sup>29</sup> At limang segundo bago ito lumagapak sa lupa'y aking nakita ang lahat ng mga bagay na naglaho: wari'y kinain ng isang puwersa ang lahat, na parang sa panaginip na may humihigop na kung anong itim na entidad na hindi makayang hawakan ng kamay, sa mabilis na paraan kabilang ang mga napagtagumpayan ng tao na itayo nang ang kanyang lakas at oras ay maging isa gaya ng mga nakikita nating makikinang at makikinis na gusali, mga tula, awit, sayaw, at iba pang likha ng malikot na imahinasyon. Bumagsak nga ang galit ni Apolaqui sa ibabaw ng Hilagang Amerika. Hinigop muna ng hangin ang lahat. Pagkatapos, kumawala mula sa sentro ng pagsabog ang isang nakapangingilabot na ingay. Animo'y nabutas ang mundo. At



*mula noo'y wala akong ibang nakita sapagkat muli akong binulag ng liwanag na walang katulad. Ipinikit ko ang aking mata subalit wari'y talim ng sibat ang ulo ng liwanag. Tumagos ito sa aking mga talukap. <sup>30</sup> Nang idilat ko ang aking mata'y tumambad nga sa aking harapan ang gutay-gutay na siyudad ng New York, California, Texas, Colorado, halos lahat ng mga bayan sa Hilagang Amerika. Nakita ko ang isang napakalaking butas sa Washington. Ah...tinamaan ng galit ni Apolaqui ang White House! Tanging ang pugot na ulo ng rebulto ni Lincoln ang aking nakita sa isa sa kanyang mga kalyehon habang ang Estatwa ng Libertad ay nalusaw na animo'y kandila.*

Nang lumaganap ang kasulatang ito na bahagi ng pitong paltiing ay hinatulan 'dumano ng kanyang sariling mga kababayan na si Juan Kristo ay nababaliw. Ayon sa usapan ng mga kura paroko'y nagkatawang taong diablo raw si Juan Kristo. Taglay daw niya ang isang uri ng karunungan delikado at kontra sa pananampalataya ng isang Kristiyano. Nabinyagan nga siyang Kristiyano sa kanyang sariling bayan subalit ipinataw sa kanya ang hatol na erehe.

Wika naman ng isang dating gerilya noong Ikawalang Digmaang Mundiay ay narinig na niya ang sinasabing paltiing lalo na kung tatlong gabing magkakasunod ang kabus. Bukambibig na raw ito ni Macario Bilango, isang adipen<sup>6</sup> na bumuo ng Buyot Ni Apolaqui<sup>7</sup> na siyang pasimuno sa matagumpay na pagpuga ng mga adipen sa kanilang mga kural. Dagdag naman ng isang albularyo, si Juan Kristo ang huling sugo sa huling panahon. Ang lamang daw niya sa ibang sugo gaya ng mga nangangalandakan na sila'y Hinirang Na Anak Ng Diyos ay nainom ni Juan Kristo ang sagradong katas ng gintong pulot-pukyutan at talampunay na tanging ibinibigay Ari Mengal<sup>8</sup> bago sila sakuping tuluyan ng Espanya.

*Paglasagem dagiti balikas  
Ken bunniagam dagiti misterio  
Iti tadem ti dara ken anges,  
Ta sikat' ridaw ti sanktuario  
Ti umuna ken maudi a lagip A maulit-  
ulit, napnuan pigsang ken karit.*

## **Ang Sinumpaang Salaysay ni Macario sa Bundok Bulalakao**

Ako. Ako si Macario Bilanggo. Isang adipen. Nagmula sa uri ng anakpawis. Tinigang-tinutong ng apoy ng araw. Amoy lupa. Sabi ng kaharap kong Heneral ay nakatadhana raw na ako'y maging isang bilanggo at adipen.

Ako. Ako si Macario Bilanggo. Sabi ng kaharap kong Heneral ay isa raw akong rebelde. Isang tulisan at dapat sa aki'y makulong. A! Isa nga raw akong rebelde o tulisan.

Wika pa ng kaharap kong Heneral ay nagtaksil daw ako sa ibinoto ng taumbayan. Sa mga ibinoto nilang matatalino at nagpakadalubhasa pa diumano sa Harvard, Cambridge, at Oxford. Taksil daw ako sa Pangulo ng Republika na namamahay sa Bahay-Pangako. Sa tabi raw ito ng Ilog Pasig.

At lalong taksil daw ako sa kagustuhan ng mga nasa Palasyo.

Taksil daw ako sa kagustuhan ng mga Intsik, Ruso, at Amerikano.

Taksil daw ako sa Diyos ng mga Hudyo.

Taksil sa Diyos nilang may matangos na ilong.

Sa Diyos nilang may matang-pusa at matang-lobo.

Sa Diyos nilang matangkad at mahaba ang buhok.

Sa Diyos nilang palagiang nakasandalya.

Lalong taksil daw ako sa demokrasya na minana pa ng buong bayan sa mga Republikano.

Kaya naman nang ako'y mahuli't unang ipinatapon sa kampo ng mga sundalo, 364 kilometro mula Maynila, ay kagyat akong pinahirapan.

Kinuryente nila ang aking kilikili, leeg, bayag, ari, puwet, singit, sentido, at mga dulo ng daliri sa kamay at paa.

Sabi ng Heneral na kaharap ko, dapat daw ang mga ganitong pagpapahirap sa akin sapagkat ako nga'y suwail na anak ng bayan, at dahil sa hindi ako marunong kumilala sa isang Diyos na nakaupo sa ibabaw ng mga puting ulap. Sa Diyos na hawak sa kanyang palad ang isang mansanas na katumbas ng planeta ng ating mundo. Sa Diyos na natataglawan ang kanyang ulo ng isang kapingranggot na liwanag mula sa araw.

A...dapat nga raw mamamatay ang aking mga semilya nang sa gayo'y hindi na kumalat pa ang aking lahi.

At dahil sa matigas daw ako, ipinasok sa silid ang isang bakla na may malalaking masel sa katawan. Puno pa ng balahibo ang kanyang dibdib at puson. Tinutukan siya ng rebolber sa ulo at tsaka inutusang salsalin ang aking ari. Kung hindi raw niya gagawin ay kakalabitin ng lalaking nakapatig at birete ang gatiyo ng pistola. Natakot ang bakla, at nakapikit niyang sinalsal ang aking ari.

Kailangang tigasaw daw ako at labasan. At kapag nilabasan na ay dapat salsalin niya ito nang salsalin upang sa gayo'y matuyong parang atis ang aking bayag. Subalit sa kasamaang- palad ay hindi ako tinigasan dahilang upang lalong manggalaiti sa galit ang maton.

A...kinaladkad siya paatras at walang pakundangang binasag sa putok ang kanyang bungo. Wala raw siyang kuwenta sabi ng Heneral na kaharap ko, pagkatapos ay ibinalot sa sako ng mais at inilagak siya sa isang sulok. Ngunit naiwan sa sahig ang ibang bahagi ng kanyang utak. Hindi ko na makita kung nasaan ang ibang bahagi nito. Malamang ay dahil sa nilamon din ito ng dilim.

Bumukas ang makapal at mabigat na pinto at sunod na ipinasok sa silid ang isang maganda, matangkad, at maputing babae. Kay-haba ng kanyang buhok!

Pinaghubad ito at inutusang idikit sa aking katawan ang kanyang suso. A...may tatlong malalaking nunal sa kanyang dibdib, makapal ang bulbol sa kanyang ari. Ay...kay gandang nilalang.

Inutusan siyang hilain ang aking kanang kamay. Akin naman daw dapat himasin ang kanyang suso at ari. Ako'y naawa at hindi ko ginawa.

Galit ang Heneral na nakaupo sa likod ng dilim. Sinigawan niya ang babae na hindi ibibigay ang isandaang pisong bayad sa kanya kung hindi niya magagawa ang ipinagagawa sa kanya.

Natakot siya.

Lumuhod siya sa aking harapan. Nakita ko ang naipong luha sa kanyang mga mata na ayaw umagos, buo-buo ang pawis na umaagos mula sa kanyang noo pababa sa leeg hanggang sa pagitan ng kanyang malulusog at maputing suso.

At walang kagatol-gatol ay isinubo nga niya ang aking ari.

A...napapikit ako.

Gumagaod sa aking balat ang talim ng kanyang mga ngipin at dulaslapot ng kanyang dila!

Dahan-dahan.

Dahan-dahan nang dahan-dahan.

Napansin yata ito ng Heneral. Muli niyang pinaalalahanan ang babae na dapat ay maubos ang aking semilya nang sa gayo'y maubos na rin ang lahi ng mga suwail. Subalit himalang nakapagpigil ako at ihi ang lumabas. At muling nabigo sa ikalawang pagkakataon ang Heneral.

Hinila ng mga maton ang babae palabas ng silid. Narinig kong wala raw siyang silbi. Narinig ko ang kanyang pagtangis. Ang kanyang pagmamakaawa na pauwiin na lamang siya. Ang kanyang pag-atungal.

A...sumagi sa isip kong pinagpaparausan na siya ng mga hayok na nilalang. Wala akong magawa noon sapagkat nakakadena ang aking dalawang paa habang ang aking dalawang kamay ay nakatali paitaas.

Ipinikit ko ang aking mata subalit ang palahaw ng babae'y waring dupikal ng simbahan ni Rizal.

Nabuhay sa aking isipan ang martsa ng mga babaeng Rizalista tuwing katapusan ng Disyembre: pumapagaspas ang mga pulang bandila sa hangin habang hawak-hawak nila ang litrato at rebulto ni Rizal. Lalapit sila sa ilog at sabay na maghuhubad. Babalutin ng mahaba nilang buhok ang kanilang katawan. At pagkuwa'y uusal ng mga orasyong sila lamang ang nakakaintindi.

At mabilis na naglaho ang imahen ng mga babaeng Rizalista. Ako'y biglang naidlip at nang magising ay nasa isang talahiban. Sa aking harapan ay nilalamon ng apoy ang isang bayan habang sa ibabaw nito'y buong-buo ang mabigat-makapal na ulap na kulay abo. Sa aking likod ay dinig ko ang awit ng mga pipit at panal<sup>9</sup>. Kita ko ang nangingitim sa berdeng kagubatan. A...ang daming bunga ang puno ng aratiles, mangga, santol, langka, duhat, sampalok, niyog, at marami pang iba. Naisin ko mang tunguhin ang daigdig sa aking likuran ay hindi ko magawa sapagkat ni sa panaginip ay wala akong magawa. Nakakadena ang aking dalawang paa sa isang tipak ng dambuhalang bato habang ang aking dalawang kamay ay nakatali paitaas hanggang sa likod ng mga ulap.

At pumutok ang isang malakas na sirena sa may kalayuan. Itinaboy nito ang mga nagsisiawit na ibon kanina. Gumalaw ang usok at apoy sa aking harapan. Papunta sa akin. Papunta sa akin. Dumagundong at nanginginig ang lupa, at nakita ko nga ang isang mahabang parada ng mga tangke at sasakyang may kargang sundalo at bomba. May tangan silang bandila na may mga imahen ng kidlat, krus, bungo, at mukha ng isang santo. Hanggang sa ako'y makadama ng sakit.

Nang ibuka ko ang aking mga mata'y kaharap ko naman na ang liwanag. Sa aking harapa'y ang isang matangkad na lalaking Inglesero, nakatuksido, at kay-kintab ng sapatos. May hawak siyang papel at bolpen.

Tinanong niya kung ako si Macario, at ako'y tumango. Tiningnan niya ako nang madiin tsaka niya pinirmahan ang papel na hawak-hawak, at winika niyang ako nga raw si Macario Bilanggo. Isang adipen. Nagmula sa uri ng anakpawis at nakatadhanang maging isang bilanggo, maging isang adipen. Hanggang sa ako nga'y ipatapon sa kulungan at aking simulan ang pagbubuo ng Buyot ni Apolaqui, at milagrang sa huli'y aming pinagpasyahang isalang ang aming sariling buhay, at ubusin ang mga malulupit-taksil na kalahi.

Pero bago ito, ako at kami ay malupit na pinahirapan sa loob ng kulungang animo'y kural. Hindi kami pinakakain nang matino. Hindi kami itinuturing na tao. Minsa'y sabi ng tuta ni Heneral, si Warden Masupil, kami raw ay mas malala pa sa indio<sup>10</sup>, hindi kami sibilisado, at hindi kami Kristiyano. Sa madaling sabi nga'y hindi kami tao.

At dito nagpalting ang aming tainga.

At nagsimula kaming mangarap.

Nag-isip.

Nagpapakita sa akin ang espirito ni Ari-Mengal tuwing kabus, at wika niya'y magaganap lamang ang sinasabing pinakamakapangyarihang pagtitipan kung mapagtatagumpayan ng sinumang may matapang, malakas, at malinis na budhi na maabot ang tungki ng Bundok Bulalakao na walang sugat ni galos sa katawan at kaluluwa.

Hanggang sa ako, kami, nga'y magpasyang tagpasin ang ulo ng mga walang-hiya!

Isang maulang umaga noon habang kami'y naghuhukay ng butas na gagamitin sa pagtatayuan ng gusali. Bumaba ang hamog. Dalawa lamang ang bantay sa pagawaan. Abala sa pagngatingat ng karne ng baboy noon si Warden Masupil at kanyang mga tauhan.

Wala kaming takot na pinaghahampas ang ulo ng dalawang gwardiya hanggang sa ito'y sumabog na waring bao ng niyog. Hindi pa

nakuntento ang ibang adipen, kanilang pinagsasaksak ng kutsilyo ang dibdib  
at leeg ng mga palalo.

Hanggang sa bumagsak sa aming kamay ang uloni Warden Masupil  
at aming malakas na ibinigkas: Tanggapin niyo mga palalong taksil ang ganti  
ng kapalaran!

Ako. Si Macario Bilanggo. Isang adipen. Nagmula sa uri ng  
anakpawis. Tinigang-tinutong ng apoy ng araw. Amoy lupa. Sabi ng mga  
kaharap kong adipen ay nakatadhana raw na kami'y maging isa.

*Bay-am a dagita raniagmo  
Ket ilaokko iti ittip a nabisibisan  
Ti asin ken nabenditaan ti manteka,  
Tapno kasta ket ti rusokko  
Saanen a maallilaw iti matawtawtaw a mammadto*

---

*Si **Rene Boy Abiva** ay awtor ng 12 libro, literary critic, editor, iskultor, pintor, journalist, at premyadong makata. Nagtapos sa PUP at kasalukuyang tinatapos ang MA- Malikhaing Pagsulat sa UP- Diliman. Tumanggap ng fellowships (Palihang Rogelio Sicat, 2018; Cordillera Creative Writers Workshop, 2018; Jeremias A. Calixto Ilokano Writers Workshop, 2019; UP National Writers Workshop, 2019; at Palihang Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo, 2021). Hinirang ng GUMIL- Filipinas, Bannawag Magazine, at NCCA bilang Pasnaan 9 Outstanding Fellow. Kasapi ng Philippine PEN, LIRA, Kataga, at Gumil- Filipinas.*

### Talahuli

<sup>1</sup> Ilokano. Parsela ng lupang sinasaka sa gilid ng ilog.

<sup>2</sup> Isang maliit na bayan sa Nueva Vizcaya. Kilalang lupain ng tribung Isinai.

<sup>3</sup> Diyos ng mga katutubong Pangasinense bago dumating ang mga mananakop na Kastila.

<sup>4</sup> Ilokano ng banga.

<sup>5</sup> Baga/ bakal/ bato/ tanso/ tawagin mo ang buntot at kaliskis/ ng mga hiyaw/ diyan sa dibdib mong parang bangin.

<sup>6</sup> Pangasinense. Alipin.

<sup>7</sup> Ilokano. Hukbo ni Apolaqui.

<sup>8</sup> Hari ng Aritao, Nueva Vizcaya.

<sup>9</sup> Ilokano. Ibong kumakain ng dumi ng kalabaw.

<sup>10</sup> Kastila. Mababang uri ng tao sa lipunan.